

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Gugunitain ng Lungsod ng Brampton ang ika-75 Anibersaryo ng Pagtatapos ng Pandaigdigang Daigdig II

BRAMPTON, ON (Agosto 27, 2020) – Sa Miyerkules, Setyembre 2, gugunitain ng Lungsod ng Brampton ang ika-75 Anibersaryo ng Pagtatapos ng Pandaigdigang Digmaan II. Pararangalan din ang mga Beterano ng Giyera ng Brampton at ang mga gumawa ng pinakamalaking sakripisyo sa webpage ng Lungsod na [Brampton Remembers](http://www.brampton.ca/bramptonremembers), at ang mga bandera sa lahat ng pasilidad ng Lungsod ng Brampton ay nasa ibaba ng tuktok ng poste o naka-half mast.

Sa Setyembre 2, ang webpage na [Brampton Remembers](http://www.brampton.ca/bramptonremembers) ay magtatampok ng mga video message mula kay Mayor Patrick Brown at ng mga Beterano ng Brampton sa WWII, si Pilot Officer Bill Burrell at ang namayapang si Colonel Edward Conover, at karagdagang impormasyon tungkol sa kasaysayan nitong mahalagang anibersaryo.

Ang mga litrato at mga pangalan ng mga Bramptonian na naglingkod sa Ikalawang Pandaigdig na Digmaan ay ibabahagi rin sa Setyembre 2.

Welcome ang komunidad na mas malaman pa at ibahagi ang kanilang mga ala-ala at mga pakikiramay online sa www.brampton.ca/bramptonremembers sa Setyembre 2.

Background

Gugunitain ng Lungsod ng Brampton ang opisyal na pagtatapos ng Ikalawang Pandaigdigang Digmaan, na naganap noong Setyembre 2, 1945, sa pagsuko ng Japan. Kahit na ang Canadian Forces ay hindi naglingkod sa Pacific theatre, maliban sa Hong Kong, maraming residente ng Brampton ang naglingkod sa European theatre ng digmaan, at ang isang malaking bilang ng mga Bramptonian ay naglingkod din sa Pacific theatre kasama ng mga lakas-sandatahan ng ating Kaalyadong mga Bansa.

Sa Setyembre 2, gugunitain ng Lungsod ang serbisyo ng lahat ng Bramptonian at gugunitain ang lahat ng gumawa ng pinakamalaking saksripisyo na alagaan at ipagtanggol ang kalayaan na meron tayo ngayon.

Mga Quote

“Nagwakas na ang Ikalawang Pandaigdigang Digmaan 75 taon ang nakalipas, at binago nito ang mundo, kabilang ang maraming buhay sa Brampton. Nagpapasalamat ako sa lahat ng hindi makasariling naglingkod sa giyera – sila ang dahilan kung bakit nag-enjoy tayo sa ating kalayaan ngayon. Kahit na hindi tayo makapagtipon nang personal para sa mahalagang parte na ito ng ating kasaysayan, hinihiling ko sa lahat na bisitahin ang webpage na [Brampton Remembers](http://www.brampton.ca/bramptonremembers) sa Setyembre 2 para parangalan ang pagtatapos ng Ikalawang Pandaigdigang Digmaan.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Kahit na hindi tayo makapagtipon-tipon nang personal para gunitain ang ika-75 Anibersaryo ng Pagtatapos ng Ikalawang Pandaigdigang Digmaan, mahalagang patuloy nating gunitain itong mahalagang sandali ng ating kasaysayan. Lumikha ang mga staff ng Lungsod ng espesyal na online na espasyo bilang handog, na may mga mensahe sa video, mga litrato, isang aklat ng pakikiramay at mas marami pa. Mangyaring parangalan ang mga beterano at mga biktima ng digmaan sa pamamagitan ng pagbisita sa webpage na [Brampton Remembers](#) sa Setyembre 2.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Gusto kong magpasalamat sa Lungsod ng Brampton para sa paggunita nito sa ika-75 anibersaryo ng Pangtatapos ng Pandaigdigang Digmaan II. Dahil mayroon tayong mga Beterano sa Brampton na naglingkod sa dalawang theatre ng hidwaan, mahalagang gunitain ang kanilang serbisyo at ang kapalit nito sa kanila at sa kanilang mga pamilya. Importante rin na kilalanin ang serbisyo ng kababaihan sa lungsod na ito na nakagawa ng napakalaking ambag sa pagsisikap sa digmaan, partikular na sa mga pagawaan ng aircraft sa Malton, o na kasapi ng sandatahang lakas sa panahon ng hidwaan na ito. Lalo nating pinaparangalan ang mga kinauukulan sa lungsod na ito na gumawa ng napakalaking sakripisyo na pangalagaan at protektahan ang kalayaan na ini-enjoy natin sa araw na ito. Huwag nating kalimutan.”

- *Henry F. Verschuren CD, Parade Commander, Maj. Wm Dwight Sharpe Royal Canadian Legion Branch 15*

“Sa ika-75 Anibersaryo ng Pagtatapos ng Pandaigdigang Mundo II, ang mga miyembro ng Royal Canadian Legion, Branch 609, ay gustong magnilay-nilay sa mga sakripisyo ng mga lalaki at babae na naglingkod para sa Canada. Inaalala natin ang mga taong nagbigay ng pinakamalaking sakripisyo at hindi na kailanman nakabalik sa tahanan. Ang mga taong ito ay ang mga nanatili sa Europa, Aprika, Asya at ang mga hindi na nahanap pa. Inaalala rin natin ang mga beterano na nagbalik-tahanan at hindi na kasama natin. Nagpapasalamat din tayo sa mga naririto pa kasama natin, kahit na ang kanilang mga katawan ay mas mahihina, ang kanilang diwa ay inspirasyon nating lahat.”

- *Paul R. Ackermann, Sgt-at-Arms, Royal Canadian Legion Branch 609*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkabaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca